

# BONG NAGHARAP NG 100 PANUKALANG BATAS SA SENADO

**PLDT users in Bacoor: add “8” to make a call**

STARTING October patrons of Philippine Long Distance Telephone customers in Metro Manila and some areas will have 8-digit landline numbers in order to make a call.

The National Telecommunications Commission (NTC) had instructed carriers to shift to 8 from 7 numbers "to address the insufficient number of assignable exchange codes," PLDT said in a comment. Competitor Globe Telecom declared a similar effort.

► PLDT • 2

**MAY deposito ka bang pera sa bangko o may nakatago kang investment bonds at iba pang salaping sapi sa mga kompanya?**

Ang "lihim" ng salaping deposito at bonds ng isang opisyal at kawani ng gobyerno ay hindi maaaring mabuksan at mabusisi ng Ombudsman kung walang pahintulot, ayon sa Bank Secrecy law.

Però sa panukalang batas na isinampa ni Senador Ramon 'Bong' Revilla Jr., obligado na magbigay ng permiso o 'waiver' sa Office of the Ombudsman upang malaya na mabuksan, matingnan at mabusisi ang lahat ng salapi at investment na maaaring itinago ng isang nasa serbisyo ng gobyerno.

Ang panukalang ito ay kasama sa 100 Senate bills na isinampa ng nagbabalik na senador sa 18<sup>th</sup> Congress, kasama ang Senate Bill number 294 o 'Eddie Garcia Bill' na mag-oobligá ng magbigay ng

► BONG • 3



Senador Ramon 'Bong' Revilla Jr.,

**CAVITE**

cavitetimesjournal\_mf@yahoo.com  
franzalmonte@yahoo.com

# TIMES JOURNAL

PAHAYAGAN NG TUNAY NA CAVITEÑO  
ENTERED AS A SECOND CLASS MAIL MATTER

VOL XVII NO 24

• 10.00 • JULY 30 - AUGUST 05, 2019


## MAS EPEKTIBONG PAGLILINGKOD PA SA IMUSENO – MAYOR MALIKSI

ni Ma. EVITA ROSA TAPARAN

**BAGONG OSPITAL** ng Imus; aksiyong mabilis para magamot ang mga maysakit; libreng serbisyo sa mga walang-wala at kapos-palad.

Mga maysakit na hindi na makaalis sa bahay upang kumunsulta sa manggamot, mismong mga health worker na ang nagpupunta sa may-karamdamian; balik home service ng mga doktor at nurses.

► MAS EPEKTIBONG • 3



City Mayor Emmanuel L. Maliksi

## COMPUTER LITERACY PROGRAM INILUNSAD PARA SA MGA INMATES NG CAVITE PROVINCIAL JAIL

SA mga larawan mula sa kaliwa makikita ang Officer In Charge ng Cavite Provincial Jail na si OIC Warden Noel M. Alegre, Cavite Provincial Board Member Rainier A. Ambion, Ms. Camille Lauren V. Del Rosario Head Provincial Information and Communications Technology Office at Engr. Reynaldo T. Sy ng Department of Information and Communications Technology. Ang mga larawan ay kuha noong nakaraang Hulyo 22, 2019 sa ginanap na launching and ribbon cutting of Computer Learning Station & Tech4ed Center at Cavite Provincial Jail. (Photo and Story by Reyland Lopez)


Barangay Lapidario, Lungsod ng Trece Martires, Cavite - Kapaki - pakinabang naman ang programa na inilunsad ng Provincial Government ng Cavite sa pangunguna ni Gov. Jonvic C. Remulla sa pakikipagtulungan ng Provincial Information and Communications Technology Office, Department of Information and Communications Technology at ng Provincial Library.

Ang launching ng Computer Learning Station & Tech4ed Center sa Cavite Provincial Jail ay naglalayun na maturuan ang mga inmates ng basic na paggamit ng computer para sa

► COMPUTER • 4



SA mga larawan mula sa kaliwa makikita ang Officer In Charge ng Cavite Provincial Jail na si OIC Warden Noel M. Alegre, Cavite Provincial Board Member Rainier A. Ambion, Ms. Camille Lauren V. Del Rosario Head Provincial Information and Communications Technology Office at Engr. Reynaldo T. Sy ng Department of Information and Communications Technology. Ang mga larawan ay kuha noong nakaraang Hulyo 22, 2019 sa ginanap na launching and ribbon cutting of Computer Learning Station & Tech4ed Center at Cavite Provincial Jail. (Photo and Story by Reyland Lopez)



PLDT...

(FROM PAGE 1)

NTC said the change concerns those whose numbers are accessible with area code "02": Metro Manila, Rizal province; San Pedro, Laguna and

## CAVITE TIMES JOURNAL

PAHAYAGAN NG TUNAY NA CAVITENO

### EDITORIAL BOARD

**FRANCIA A. ORLAIN**  
Publisher/Proprietress

**ELI TAPARAN II**  
Editorial Consultant

**MARIO V. ORLAIN**  
Circulation Manager

**REYLAND G. LOPEZ**  
Editor

**ADELA R. ZAMORA**  
Special Project Coordinator

**JOED P. PEDRAJAS**  
Layout Artist

**ATTY CORAZON ALMEDA**  
Legal Consultant (on Leave)  
**BOY JOSUE, JR.**  
Photographer

**CAVITE TIMES JOURNAL Publication** is a weekly newspaper of general circulation in the province of Cavite with Editorial and Business address at Lot 15 Block 4 St., Sunnysdale the Garden Village Bucandala 5 Imus, Cavite. Mobile No. 0929-7611541 E-Mail Add cavitetimes\_journal@yahoo.com / cavitetimesjournal\_mf@yahoo.com

### MEMBER

**Papi**

**Publishers Association of the Philippines, Inc.**

**SUBSCRIPTION RATE**  
1 Month ..... P40.00 6 Months ..... P240.00  
3 Months ..... P120.00 One Year ..... P480.00

**ADVERTISING RATE**  
Commercial — P200/cols.cm • Legal Notices — P160/cols.cm

**NOTE:** All news articles and opinions expressed by the writers are entirely their own and do not reflect the opinion of the Publisher, Management of this Publication.

# Editorial

## ANG KALABAN NI TATAY DIGONG

**I** LANG ARAW bago pormal na maupong alkalde ng Quezon cityhall, ibinulgar ni Mayor Joy Belmonte ang reklamo sa kanya ng hindi pinangalanang negosyante na kinokotongan ng P10-million upang mabigyan ng permit.

Nangako ang babaeng punonglungsod na magpapatawag siya ng imbestigasyon upang malaman kung sino-sino ang mga sangkot sa anomalyang ito.

Unang nalantad ang katiwaliang ito nang iposte ni Belmonte sa kanyang Facebook page na sinasabi: "A well-known businessman called me earlier today (Tuesday, June 18, 2019). He was asked to give 10M bribe at the Office of the Building Official in exchange for a building permit."

Ayon sa alkalde, kilala niya ang negosyante na isang mabuting tao, kaya kanya itong tutulungan.

"xxx he called me to ask for some advice. I told him, I would accompany him," sabi sa FB page ni Belmonte.

Wala nang narinig na balita tungkol sa imbestigasyon dito, mula nang maupo ang alkalde, kaya ang mga tanong – ano na ang nangyari, may inimbestigahan ba, may kinasuhan ba, may sinibak pa sa trabaho?

Naayos ba ang permit ng di-pinangalanang negosyante, at sa imbestigasyon ba, may mga negosyante bang lumutang upang magsabi rin ng

Bacoor, Cavite.

The shift will commence early morning of October 6 from 12:01 a.m. to 5 a.m., said PLDT and Smart public affairs head Ramon Isberto.

"The subscribers and those calling them will have no difficulty adjusting to this number change. All they have to do is add the number '8' at the start of the existing

kani lang karanasan mula sa mga tiwaling opisyal at kawani ng cityhall?

Ang nangyari sa QC ay hindi lamang sa lungsod na ito nagaganap.

Marami ring ganitong katiwalian sa maraming local government unit, na ang kaawaawang negosyante ay ginagatasan muna, bago mabigyan ng kaukulang permit, dokumento o papeles upang makapagtayo ng negosyo.

Hindi lamang sa mga lokal na gobyerno ito nangyayari.

Kamakailan, dalawang kawani ng Bureau of Internal Revenue (BIR) ang dinakma sa isang bitag na ikinasa sa aktong tumatanggap ng milyon-milyong pisong suhol upang maareglo ang malaking buwis na babayaran sa gobyerno.

Nitong nakaraang linggo, sinuspide ni Presidente Duterte ang operasyon ng Lotto at tuluyang binura ang small town lottery (STL) dahil sa bilyong-bilyong piso na kita rito ay hindi pala naibibigay sa gobyerno at naibubulsa ng mga tiwali sa Philippine Charity Sweepstakes Office (PCSO) at ang nagkakamal ng salapi ay mga jueteng lord na ang kinakasangkapan ang STL sa operasyon ng illegal na sugal.

Talamak lalo na ang korapsyon sa Bureau of Customs (BOC) kaya sinibak ng Pangulo ang maraming opisyal ng kawanihan, pinakakuli ay may 100 ang pinalayas sa serbisyo at ang marami ay kinasuhan na.

Maging sa iba pang ahensiya ng gobyerno ay ito ang kalakaran: walang suhol, walang transaksiyon.

Walang "pakimkim" walang kontrata.

Kapag hindi sumunod sa usong lagayan, walang kalalagyan ang matitinong taumbayan na nais na magnegosyo o makipag-usap sa mga taong gobyerno.

Kaya ang malaking hinanakit ng Pangulo sa pagpasabing ang tunay pala niyang kaaway laban sa kampanya laban sa korapsyon ay "ang mismong gobyerno ko."

landline number," said Isberto.

PLDT added that for example the existing number is 123-4567, the number to be called or dialed will become 8123-4567.

Callers from the provinces need the dial as usual, "0" plus area code "2" plus the new 8-digit landline, PLDT said.

### HEALTHCARE FOR CONCHU RESIDENTS



THE provincial government of Cavite thru the opp-extension and the provincial health office brought free healthcare services to the residents of Barangay Conchu in Trece Martires City on July 23 2019. Seventh District Board Members Ping Remulla and Lito Langit, together with Mayor Gemma Lubigan, Vice Mayor Bobby Monteheroso, and the members of the city councils were present as they roamed around the vicinity and interacted with the locals. Volunteer doctors, dentists and medical practitioners from general Emilio Aguinaldo Memorial Hospital rendered free consultations and tooth extraction to 501 patients. The event was made possible with the assistance from Barangay Chairwoman Irene Aure with the help of the barangay health workers and the employees of the local and provincial government.

—PICAD

# STRENGTHENING COOP 3Ps THRU INVESTMENTS AND BUSSINESSES



**MORE than 200 officers and members of the Top 100 Primary Cooperatives in the province convened at the Provincial Gymnasium in Trece Martires City to participate in the Investment and Business Opportunities Forum (Part 2) with the theme, "Future-Proof: Maximizing Cavite Cooperatives' Triple Bottomline", (People. Planet. Profit) on July 24, 2019. The activity was facilitated by the Provincial Cooperative, Livelihood and Entrepreneurial Development Office (PCLEDO) in collaboration with the Provincial Cooperative Development Council (PCDC), PAMANA Development Cooperative Federation and Association of Filipino Franchisers, Inc. (AFFI) to intensify the performance of cooperatives and adopt innovative approach to maximize its growth and development.**

PAMANA DCF Chairperson Ms. Ma Luisa G. Recimiento warmly welcomed and acknowledged all the attendees. Officer-in-Charge of PCLEDO, Atty. Khervy B. Reyes delivered a motivational speech focusing on the expansion of services and being open for other businesses to attract more consumers and members that are beneficial to the whole organization. He also pointed out that change must start within the group to attain a more progressive cooperative. Provincial Administrator for Community Affairs Mr. Alvin S. Mojica, on behalf of Governor Jonvic C. Remulla, assured every cooperative will receive continuous support from the local government to have a successful plans, programs and projects.

The event featured talks on strategies to upscale businesses. For instance, Microtech System Services and Equipment, Inc. thru its Manager, Mr. Michael Digman, introduced products and services in terms of

hardware solution which can provide technical services for efficient banking and advanced equipment. When it comes to software solution, Ms. Rachelle Navarro, Area Operations Manager of Coredev Solutions, presented their services that can incorporate all the businesses and accounting transactions for a more reliable data in financial statements. AltPaynet Corp President, Mr. Ernie Don Vacal reminded cooperatives to provide services that are relevant to the market and also introduced their services such as invoicing, remitting and paying transactions through different global payment methods.

Cooperatives were also presented with the idea of engaging in other business ventures. Vanderbuild RE Holdings Corp. President/CEO, Mr. Ronaldo V. Del Rosario encouraged the group to be open in property development and housing project in Cavite that will cater its members. PCDC Chairperson Fr. Arturo M. Balagat showed the Master Development Plan in establishing the Cavite's First

Cooperative Hospital located in the municipality of Alfonso and took the chance to seek for willing cooperative investors to accomplish the goal.

In the afternoon, Mr. Joey Espiritu, Owner of Tent King and Manang A's Catering, and Mr. Jefferson Chua, President /CEO of Cycle House shared their experiences and strategies on how to have a successful business and life. Mr. Espiritu mentioned that one must be open for change and innovation to always meet the needs and satisfaction of the target market. Mr. Chua emphasized that it is better to offer products at a low cost without compromising its quality.

Area Head of Sunlife Grepa- South Luzon Ms. Emma Fausto echoed the importance of life insurance in cooperatives for a more secured and protected team. Business Manager of Gardenia Kapit-Bisig MPTS Cooperative Mr. Jerry Ubina conversed the topic about cooperative's opportunity in alternative medicine wherein he introduced Stevia Plant, a sweetener and healing herb can cure rampant diseases such as cancer, heart disease, stroke, diabetes and tuberculosis.

After every discussion, participants asked questions to the speakers for better understanding of the products and services offered. Chairman Emeritus of PCDC, Mr. Rodrigo Camia delivered his closing remarks and hoped that the activity would help the coops to expand and strengthen their organization.

—(PICAD)

## BONG...

(FROM PAGE 1)

sapat na proteksyon at kaligtasan at mga benepisyos sa kalusugan ng mga manggawa, talents na nagtatrabaho sa industriya ng telebisyon at pelikula.

Namatay si Garcia bunga ng isang aksidente sa ginagawang serye sa telebisyon na ayon sa imbestigasyon ay nangyari dahil sa kulang sa mga gamit at pasilidad para sa kaligtasan at maayos na pagtatarebaho ng mga manggagawa sa industriya ng aliwan.

Batay sa kinaugalian, pinapayagang magharap ng unang 10 panukala ang mga senador mula Hulyo 1 hanggang Hulyo 4, ayon sa seniority; ang ikalawang pagkakataon na pwedeng magharap ng panukala ay mula Hulyo 8 hanggang Hulyo 11.

Ayon sa opisina ni Revilla, Hulyo 15, naghaharap ng 45 panukala na sinundan ng 35 panukala noong Hulyo 18.

"Kung bakit 100 bills ang isinampa ni Sen. Revilla, ito kasi ang pangako niya noong kampanyahan. Isinusulit lang niya ang panahon na nawala siya sa Senado and that the filing is Senator Revilla's fulfillment of campaign promises. Mina-maximized lang niya panahon niya at pagtupad sa pangkong ibubuhos ang lahat ng panahon sa paggawa ng mga batas na mapakikinabangan ng lahat ng mamamayan," sabi ng isang tauhan sa opisina ng senador na nakiusap na 'wag nang banggitin ang kanyang pangalan.

May panukala rin ang senador na maitaas sa P125 sa isang araw ang sahod ng mga kawani sa pribadong sektor; bukod ang mga panukala para sa kabutihan ng mga manggawa sa agrikultura, mga guro sa paaralang publiko, regulasyon sa mga sasakyen, kagalingang panlipunan, sektor ng paggawa, kalusugan at iba pa.

—(ELI TAPARAN)

## MAS EPEKTIBONG...

(FROM PAGE 1)

Imus Polytechnic School para sa mga nais na mapahusay ang kaalaman sa trabaho at sa mga nais magkaroon ng bagong kaalaman at kasanayan sa trabaho; kung maka-graduate, misimong ang pamahalaang lungsod ay gagawa ng mga paraan upang maikuha ng trabaho ang mga nagsipagtapsos sa mga kompanya sa lalawigan at maging sa ibang bansa, lalo na sa mga experto at kuwalipikado.

New Imus City Hall and Government Center. Palaging cleanliness project sa mga barangay.

Pinabilis na aksiyon laban sa man-made and natural calamities; pag may sunog o aksidente, andiyan ang mga tauhan ng CDRRM at sa sektor ng mas mahihirap, sa mga children in conflict with law (CIC), 'yung nasa gilid-gilid at laylayan ng lipunan, masipag ang CSWDO. Walang tigil na kampanya laban sa bisyo, tulad ng illegal na droga, illegal number games at pagpapahuusay sa trapiko.

Patuloy na suporta sa edukasyon, serbisyo sa lahat ng sektor ng lungsod; lalo pang epektibong lingkod mamamayan ang natatanggap ng mamamayan. Imuseño sa serbisyon totoo ng Team Maliksi-Cantimbuhan sa lungsod ng Imus.

Para kina Mayor Emmanuel L. Maliksi at Vice Mayor Arnel 'Ony' Cantimbuhan, pagtupad sa mga pangakong totoong serbisyo ay patuloy na tinutupad nang higit pa sa makakayang gawin.

Dagdag pa ang serbisyon ibinibigay ng maaksiyong City Rep. Alex 'AA' Advincula na hindi napapagod sa paggawa ng mga proyektong pakikinabangan ng bayang Imuseño.

Walang binibigo si Cong AA sa mga humihingi ng tulong; ang pagtaggi ay wala sa kanyang bokubularyo; sabi nga, walang uuwing luhaan, kungdi ngiti na kasiyahan.

Hindi umaatras sa hamon ng paglilingkod sa Imuseño ang tropang Maliksi-Advinculat-Cantimbuhan.

Noong 2013, pangarap lamang ang Ospital ng Imus.

Sabi ng mga kritiko, PR stunt lamang ito, pero realidad na, totoong-totoo na ito.

Yung Imus Polytechnic School, pangarap din ito noon, ngayon ay totoong paaralan na ngayon.

Mga barangay health center, mga librenge paananan; agrikultura sa lungsod ay nangyari ngayon; mga pet animals tulad ng aso, puso at iba pa, may alang ang tunay ang City Veterinary Office; basurang plastic ay naiipon at nagagawang bagong gamit sa eskuwela kapalit ay raffle ticket sa may regalong home appliances mula sa CENRO.

Patuloy ang pagsasaayos ng city market at pagbabantay sa presyo sa proteksyon ng mamimili.

Masisipag na revenue collection officers upang mas masinop ang koleksyon ng buwis at bayarin upang maiustos at magastos sa maraming proyektong pantao at pang-imprekstruktura.

Lalo pang pinasisigla ngayon ang pagpapayaman sa kaalaman sa mayamang kasaysayan ng Imus sa mga programang tulad ng Wagayway Festival, OctOverfest, Festival; paligsahan sa sining, kultura at isports ay lagi lang matagumpay na ginagawa taon-taon.

Ang serbisyon ELM ay hindi propaganda, sabi nga ng alkalde: Ito pagbabalik ng malaking tiwala ng punonglungsod sa kanyang kaalyado at kasama sa

► MAS EPEKTIBONG • 4

**COMPUTER.. (FROM PAGE 1)**

kanilang karagdagang karunungan at pag-anugtang ng kanilang pagkatao. Ang kaganapan ay inilunsad noong nakaraang Hulyo 22, 2019 sa mismong compound ng Cavite Provincial Jail.

Sa programa na bigay naman ng pambungad na mensahe ang Officer In Charge Provincial Jail Warden na si Noel M. Alegre na ayon pa sa OIC, "Ang araw na ito ay isang patunay na tayo ay kinakalingan ng ating pamahalaan, lalong-lalo na ng provincial government ng Cavite. Hangad ng ating gobernador na si Gov. Jonvic Remulla na ibigay sa inyo bilang mga inmates ng Cavite Provincial Jail, kung ano ang makapagpataas ng inyong moralidad, dignidad at pagkatao. Kasama rin natin ang ilang departamento at ahensya upang ibahagi sa inyo ang programa na makakatulong hindi lamang dito sa loob ng kulungan kundi pati paglabas ninyo."

Nagbigay naman ng mainspirasyong mensahe si Board Member Rainier Ambion Provincial Board Member Committee on Peace and Public Safety, na ayon naman kay BM Ambion, "Malaki ang maitutulong ng pagkakaroon ng kaalaman sa paggamit ng computer, kaya hindi pa huli ang lahat para matutunan nyo ang computer literacy. Ang alam kasi ng iba na kapag nasa loob ka ng kulungan, akala nila ay hanggang doon na lang ang buhay. Marami pang pagkakataon at sa inyong paglabas mas lalo kayong magkakaroon ng magandang buhay."

Sa pahayag naman ni Ms. Camille Lauren V. Del Rosario Head Provincial Information and Communications Technology Office, "Sa totoo lang matagal ng pinopropose na magkakaroon ng computer lab dito sa loob ng Cavite Provincial Jail para matulungan din na magkakaroon ng kaalaman ang mga inmates. Ang proyekto ito ay nabuo sa pakikipagtulungan ng provincial at national lalong lalo na kay Governor Jonvic



Sa unang larawan makikita ang ribbon cutting rites ng Computer Learning Station & Tech4ed Center na pinangunahan ni Ms. Camille Lauren V. Del Rosario, Engr. Reynaldo T. Sy, OIC Warden Noel M. Alegre, Ms. Concepcion P. Villanueva Provincial Librarian kasama ang iba pang mga panauhin. Makikita din sa larawan ang mga inmates ng Cavite Provincial Jail na nakikinig sa pagsisimula ng kanilang computer literacy program.

Remulla na kung saan siya ang nagpush ng proyekto ito. "Idinagdag pa ni Ms. Del Rosario na di magtagtagay magkakaroon na rin ng Cavite Provincial Jail System na sa kauna-unahan ng pagkakataon sa buong Pilipinas ay dito magkakaroon lang sa Cavite Provincial Jail.

Ayon naman kay Engr. Reynaldo T. Sy Director II of Luzon Cluster, Department of Information and Communications and Technology, "Unang una

nagpapasalamat kami sa provincial government ng Cavite sa pakikipagtulungan sa amin sa proyekto ito at kung hindi ako nagkakamali, pangalawa pa lang ito sa buong Pilipinas na nagkaroon ng computer learning center. Sa proyekto ito gusto namin na magkakaroon kaya ng kaalaman at oportunidad paglabas nyo dito."

Sinundan naman ito ng closing remarks ni Ms. Concepcion P. Villanueva Provincial Librarian IV.

## CALABARZON REGIONAL DIRECTOR JANAIRO HEADS NATIONAL DENGVAXIA TASK FORCE

**TO properly address and manage concerns surrounding the effects on the use of the Dengvaxia vaccine including its apparent harmful results to children who received the vaccination, Department of Health (DOH) Secretary Francisco T. Duque appointed DOH-CALABARZON (Cavite, Laguna, Batangas, Rizal, Quezon) Regional Director Eduardo C. Janairo as Chair of the National Dengvaxia Task Force for CALABARZON, Central Luzon and Metro Manila as part of health care provider network under the Universal Health Care Framework.**

"We need to harmonize efforts and provide similar services and activities, support and assistance for the three regions. Basically, Kung ano ang ginawa namin sa CALABARZON ito ang susundin namin for the two regions. Kailangang hanapin natin lahat ng nabakunahan. Bigyan ng physical examination, bantayan at palakasin ang kanilang mga resistensya dahil ito lamang ang makapagbibigay ng proteksyon sa anumang sakit na pwedeng dumapop sa kanila," Regional Director Eduardo C. Janairo stated.

"Kailangan nating mag-karoon ng vaccine and patient tracking kasama na dito ang referral system dahil kailangan natin silang i-profile at bantayan

upang malaman kung anuman ang mangyari sa kanila sa loob ng limang taon mula ng sila ay makabukunahan. Lahat ay hahanapin natin at walang dapat maiwan," he added.

Under the Department Personnel Order No. 2019-2458 dated June 10, 2019, DOH established the Task Force for Regions CALABARZON, Central

Luzon and Metro Manila to address the Tetravalent Dengue vaccination concerns.

Janairo explained that the objective of the National Task Force is to establish a whole of government and whole of society management team to oversee the implementation of activities for more equitable provision of

services for all the regions concern.

In 2016, the DOH launched the Dengvaxia immunization and was implemented in the three regions including region 7 as requested by its congressional representative. In 2017, it created panic and concern among the parents of children who received the vaccine because of the analysis and announcement made by its manufacturer.

A total of about 833,000 Filipino children were given the controversial Dengvaxia vaccine.

"It is equally important to recommend funding for the purpose of establishing a research agenda for this purpose to find out if there really is a correlation between the Dengvaxia vaccine and the reported deaths allegedly caused by the vaccine because as of now wala pa rin talagang makaka-pagsabi kung mayroon nga itong kinalaman," Janairo disclosed.



### EXTRA JUDICIAL PARTITION OF ESTATE OF ALEJANDRO SAPINOSO REYES

**NOTICE** is hereby given to the public that the late **ALEJANDRO SAPINOSO REYES**, who died on May 01, 2018 at 258 Malagasang II-A, Imus City, Cavite.

That the deceased was the registered single proprietor of a gasoline Station, under the Trade name AJR Sheet Service Station 'T' located at San Vicente II, Silang, Cavite with Department of Trade and Industry (DTI) Business Name Registration Certificate No. 04028220. At the time of deceased's death, the business was valued at \_\_\_\_\_, including the collectible, from The RIVIERA GOLF CLUB INC., in the amount of One Hundred Twenty Thousand Pesos (120,000.00), Philippine Currency, in its accounts receivable.

That we are the sole heirs of the deceased, Gina Episic Reyes, Argel Joseph Episic Reyes, Aligina Kate Episic Reyes, and Inah Patricia Episic Reyes of legal ages, Filipinos, and all of whom are residing at 258 Malagasang II-A, Imus City, Cavite: It has been the Subject of **EXTRA JUDICIAL PARTITION OF ESTATE OF ALEJANDRO SAPINOSO REYES** with Notary Public Atty. Lenilyn S. Dela Cruz-Dunav, Docs No. 243, Page No. 50, Book No. 1, Series of 2019.

**Publication:** Cavite Times Journal  
Dates: July 30, August 06, 13 & 2019

### MAS EPEKTIBONG... (FROM PAGE 3)

serbisyo ng Imuseño, sa mga kaibigan, mga katuwang-sa-sektor ng negosyo, sa mga kapamilya, at sa maunawaing suporta ng kanyang maybahay, si Madam Jelyn, at higit sa lahat, at sa mga kababayang Imuseño.

Madalas, hindi nagsasawa, laging umaapaw sa pasasalamat si Mayor Maliksi.

Sa mga mensahe niya, laging sinasabi niya ang maraming salamat sa lahat sa pagsama sa kanya sa byahe ng paglilingkod sa bayan.

"Ang inyong nag-uumpaw na pagmamahal at suporta ay aking inspirasyon para ipagpatuloy ang ating mga nasimulan programa para sa higit na ikauunlad ating mahal na Lungsod ng Imus," lagi niyang sinasabi.

At ang hindi binibigong pangako na lalo pang pag-iibayuhin at pagbubutihi ang aking epektibong paglilingkod sa lahat, sa lahat ng kanyang minamahala ng Imuseño.

"Gaya po ng ating laging sinasabi, tunay po na sa Imus, Kayo ang Bida!" wika ng makisig ni Alkalde Maliksi.

DOH - CALABARZON Reegional Director Eduardo C. Janairo in one of his routine rounds during the ABKD (Aksyon Barangay Kontra Dengue) activities

## Mira's Turmeric Products

By: Rochelle L. Cruz and John Maico Hernandez

**FUELLED by P1,000 only, who would think that Mira's Turmeric Products can be one of the leading turmeric tea companies today? Using this money to make ginger and turmeric brew products, Ma. Almira Silva, owner of the firm, started to sell these to her neighbors and friends who were greatly satisfied upon trying. Within two years, the turmeric business boomed and penetrated a wide array of market. And DOST is an ingredient in this success of Mira's Turmeric Products.**

In 2016, the firm was approved with the SETUP Project entitled, "Upgrading of Production Facility of Mira's Turmeric Products" which aimed to improve the quality of products and processes of the firm. Her facility was upgraded after receiving production equipment such as vegetable cutter, multi commodity heat pump dryer, vertical mill (pulverizer), and continuous band sealer. The firm was also a recipient of the DOST and DTI CALABARZON Project on Technical and



Legal Compliance of Food Sectors MSMEs. To further improve her operations, a GMP training was provided to their staff.

Notable increase is

recorded in sales from P800,000 to P5.5M after two years of SETUP intervention. The firm was also able to branch out their business to 20 different supermarkets in



THE #1 Japanese food chain, **TOKYO TOKYO** is now serving SM City Rosario's shoppers of high-quality Japanese dishes, bringing Japan closer to Filipinos. Located at the ground floor level of SM City Rosario.



### LAUNCHING OF NSB IN MAGALLANES

THE Department of Trade and Industry- Cavite led by Director Noly Guevara remains steadfast in initiating programs and business assistance services down to the smallest political unit of the country, the barangays. On July 18, 2019, DTI-Cavite officially launched its Negosyo Serbisyo sa Barangay (NSB) to aspiring community entrepreneurs at Brgy. Kabulusan Covered Court in the municipality of Magallanes in partnership with other national agencies and the provincial government of Cavite. Hon. Jasmin Angeli Maligaya-Bautista warmly welcomed everyone and emphasized the importance of empowering local players for economic growth and development. DTI-Cavite Division Chief Ms. Revelyn A. Cortez shared a brief overview of the NSB and DTI services wherein she mentioned that all the 16 barangays of the municipality are scheduled for visitation within 2022. She also encouraged the partakers to be proud of their local products and continue to enhance them. Representatives from the Department of Science and Technology (DOST), Department of the Interior and Local Government (DILG), Technical Education and Skills Development Authority (TESDA) and Provincial Cooperative, Livelihood and Entrepreneurial Development Office (PCLEDO), as partner agencies, took part of the event and introduced their programs, services and assistance being offered that can help in doing business. Also part of the activity is the announcement of 10 lucky MSMEs from Brgy. Bendita I and Brgy. Kabulusan who will be prioritized for entrepreneurship seminars and various trainings to enhance their skills and mold them to become competent entrepreneurs. During the event, staff of TESDA PTC-Rosario also rendered free services such as haircut, manicure and pedicure while TESDA PTC-Paliparan demonstrated free PV Installation and Solar Charging Station. Puregold Caravan also showed their support to MSMEs as they offered free application of Aling Puring Card and

— (PICAD)

the country and expand to different countries in Asia and India.

"Para sa kagaya ko na MSME napakalaki ng tulong, pagdating sa makabagong technology upang mapabilis at maparami ang aming finish na produkto, upang matugunan ang pangangailangan ng consumer", said Almira on how DOST-CALABARZON was able to help her business.

### MACAU IMPERIAL TEA AT SM CITY BACOOR



TORN between tea or coffee? Hot or cold? Where to buy? Choosing between different stores isn't a problem anymore! Macau Imperial at SM City Bacoor offers a wide variety of tea and coffee beverages to choose from. From their creamy milk tea flavors and impressive coffee boosters, both in hot and cold choices, this global tea brand also offers zesty soda flavors that will surely get you over the rainbow. With all these to choose from, their milk tea still stars with its must-try Cream Cheese Milk Tea which isn't overly sweet but is perfect for the boosting flavors of cream cheese and jasmine tea. Matcha and chocolate lovers can also satisfy their cravings with Cream Cheese Uji Matcha and Cream Cheese Cocoa. But nothing is more comforting than a warm tea with a kitten's paw. Yes, you read that right! The Kitten Milk Tea is served hot with a paw-shaped marshmallow on top, perfect to enjoy this rainy season. And since their special, Macau Imperial Tea made a drink especially "For You"- their milky version of iced caramel macchiato, served in an adorable and reusable tumbler with a mouse ear shaped cover. And if you just want to take that home for your mom or sister, you can also match it with a "For Me" drink served with the same cute tumbler with an iced strawberry milk to enjoy. So next time you crave for milk tea, coffee or soda, remember to drop by at Macau Imperial Tea at SM City Bacoor 3<sup>rd</sup> floor. We've got you covered!

## NOTICES

July 30 - August 05, 2019

**Republic of the Philippines  
Fourth Judicial Region  
REGIONAL TRIAL COURT  
OFFICE OF THE CLERK OF COURT  
City of Bacoor  
BDO UNIBANK, INC.,  
Mortgagee,**

- versus -

**Foreclosure No. 2019 - 120  
For: Extra-Judicial Foreclosure of  
Real Estate Mortgage**

**RAFFY M. CABALES AND JOVIE A.  
GADBILAO,  
Mortgagors.**

X ----- X

**NOTICE OF EXTRA-JUDICIAL FORECLOSURE**

